IHSS
IN-HOME SUPPORTIVE SERVICES

CDSS

# Paghahanap, Pakikipanayam, at Pagkuha ng Tagabigay

## Paghahanap ng Tagabigay

Ang pagkuha ng tagabigay ay isang mahalagang gawain at dapat kang maglaan ng oras upang mahanap ang tamang tao.

Bilang tagapag-empleyo, maaari kang kumuha ng sinumang nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagpapatala ng tagabigay ng IHSS at makakatugon sa iyong mga pangangailangan. Ito ay maaaring isang miyembro ng pamilya, kaibigan, o isang taong tinukoy mula sa Public Authority Registry. Ang iba pang paraan upang makahanap ng tagabigay ay maaaring sa pamamagitan ng iyong simbahan, pagpo-post ng flyer, paglalagay ng ad sa iyong lokal na pahayagan, o sa pamamagitan lamang ng salita ng bibig.

Tandaan na maging maingat tungkol sa kung anong personal na impormasyon ang ibibigay mo tungkol sa iyong sarili sa prosesong ito. Huwag kailanman ilagay ang address ng iyong bahay sa flyer. Kung hindi ka makahanap ng tagabigay, makipag-ugnayan sa tanggapan ng IHSS ng iyong county o sa Public Authority para sa tulong.

## Pakikipanayam ng mga Tagabigay

Bago ka makipanayam sa isang tagabigay, dapat kang maglaan ng oras upang suriin ang mga serbisyong pinahintulutan para sa iyo at kung gaano karaming oras ang pinahintulutan para sa bawat serbisyo. Kung sa palagay mo ay hindi maibibigay ng isang tagabigay ang lahat ng serbisyong kailangan mo o magagawa ang lahat ng pinahintulutang oras, maaari mong hilingin na kumuha ng higit sa isang tagabigay. Kung mayroon kang mga partikular na pangangailangan, tulad ng isang espesyal na diyeta o paghahanap ng isang taong may kakayahang magbuhat, siguraduhing banggitin ito sa panahon na panayam.

**Maaaring makatulong sa iyo ang mga sumusunod na hakbang:**

1. I-screen ang mga aplikante sa pamamagitan ng isang panayam sa telepono.
2. Makipagkita nang personal sa pinakamalakas na kandidato.
3. Suriin ang mga sanggunian.

## Pag-screen sa Panayam sa Telepono

Habang nasa telepono, dapat kang makakuha ng magandang ideya tungkol sa kung kailan handing magtrabaho, karanasan, at kakayahan ng tao na gawin ang mga kinakailangang tungkulin. Ito rin ay ang magandang oras upang ipaalam sa kanila na ang mga tagabigay ng IHSS ay dapat dumalo sa isang oryentasyon ng tagabigay, makuhanan ng fingerprint, at pumasa sa isang pagsusuri sa nakaraan. Kung nasiyahan ka sa taong iyon, ang susunod na hakbang ay ang pag-set up ng oras upang makipagkita sa kanya para talakayin ang iyong mga pangangailangan at pinahintulutang mga serbisyo at malaman ang higit pa tungkol sa kanya.

## Personal na Panayam

Ang panayam na ito ay maaaring maganap sa iyong tahanan o sa isang malapit na pampublikong lugar. Isaalang-alang na humiling sa isang kaibigan o miyembro ng pamilya na samahan ka para makatulong sa panayam at makatulong sa pagpasiya kung sino ang kukunin. Kung maaari, magandang ideya na makapanayam ang higit sa isang tao. Gumawa ng mga tala sa panahon ng panayam na maaari mong balikan sa ibang pagkakataon kapag sinusuri ang mga sanggunian o pumipili kung sino ang kukuhanin.

Narito ang ilang karagdagang impormasyon na mapapag-usapan sa panahon ng panayam:

- Hilingin na makita ang pagkakakilanlan. Ito ay maaaring isang may bisang lisensiya sa pagmamaneho sa California o kard ng pagkakakilanlan na may larawan.
- Ipaliwanag ang iyong mga inaasahan para sa pag-uugali sa trabaho, kabilang ang paggamit ng iyong mga pag-aari, oras ng pagdating at pag-alis, at iba pang impormasyon na magiging mahalaga para malaman ng taong iyong kinuha.
- Ipaliwanag ang mga serbisyo at oras na pinahintulutan para sa iyo.
- Tanungin kung sila ay dati ng tagabigay ng IHSS at kung dumaan na sila sa proseso ng pagpapatala ng pagiging tagabigay, kabilang ang makuhanan ng fingerprint.
- Bigyan sila ng pagkakataong magtanong sa iyo tungkol sa trabaho at mga serbisyong kailangan mo.

## Pagsusuri ng Mga Sanggunian ng Tagabigay

Ang pagsuri sa mga sanggunian ay magbibigay sa iyo ng mahalagang impormasyon tungkol sa taong iniisip mong kuhanin. Kapag tinatawagan ang mga sanggunian, magtanong ng mga katanungan na magbibigay sa iyo ng ideya kung anong uri ng trabaho na ginagawa nila, gaano katagal na silang nagtatrabaho, ang kanilang maaasahan, at ang kanilang mga kalakasan at kahinaan. Isulat ang tungkol sa kung ano ang sinasabi sa iyo ng mga sanggunian dahil maaaring makatulong ito sa iyong magpasiya kung sino ang kukuhanin.

## Paggawa ng Desisyon

Tingnan ang iyong mga tala at ihambing ang mga kalakasan, kwalipikasyon, at sanggunian ng bawat taong iyong nakapanayam, at magpasiya kung sino ang pinakamahusay na makakatugon sa iyong mga pangangailangan. Kapag nagawa mo na ang iyong desisyon, ipaalam sa tao at pagkatapos ay makipag-ugnayan sa tanggapan ng IHSS ng iyong county upang simulan ng iyong tagabigay ang proseso ng pagpapatala kung hindi pa nila ito nagagawa.

**Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng IHSS ng county.**